

NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone
ISSN 2345-8194 Science City of Muñoz, Nueva Ecija Tomo 5 Blg. 5 • Setyembre-Oktubre 2017

Pambansang komperensiya idaraos ng PCC, mga magsasakang-maggagatas papupugayan

Ni Ma. Cecilia C. Irang

“KalabaJuan, Pagpupugay sa Magsasaka at Kalabaw”.

Linog sa temang ito ang pagdaraos ng ikatlong “National Carabao Conference (NCC)” sa Nobyembre 27 at 28 sa national headquarters and gene pool ng Philippine Carabao Center (PCC) sa Science City of Muñoz.

Layunin ng taunang komperensiya na pagsama-samahin ang mga kalahok, magsasaka-katiwala, at lahat nang nakikinabang sa industriyang salig sa kalabaw upang makapagpalitan at magkabahaginan ng teknolohiya at mga kasanayan sa pagkakalabawan.

Kabilang sa mga paksain ay ukol sa wastong pamamaraan ng pag-aalaga ng kalabaw para mapakinabangan ng mas nakararaming magsasaka at ang tuluy-tuloy na pagtataguyod at pagpapalaganap ng mga kapakinabangang hatid ng gatasang kalabaw sa pamumuhay ng mga magsasakang-maggagatas.

Mahigit sa 450 na mga kalahok

na kinabibilangan ng mga magsasakang-maggagatas na inaasistehan ng PCC, mga kabalikat, mga negosyante, mga opisyal ng lokal na pamahalaan, mga representante mula sa iba’t-ibang ahensiya ng gobyerno at pribadong mga organisasyon na katuwang

ng PCC sa *Carabao Development Program (CDP)* ang dadalo sa malakihang pagtitipong ito.

Ayon kay Khrizie Evert Padre, *Information Officer II* ng PCC at *chairperson* ng ika-tatlong NCC, bibigyang pagkilala at papugay sa okasyong ito ang mga natatanging

magsasakang kabalikat ng ahensiya sa programa ng pagkakalabawan at ang kanilang dakilang kaagapay na kalabaw.

“Sa pagtitipong ito, bibigyan natin ng pagkilala ang kontribusyon ng mga magsasakang-maggagatas sa
(Sundan sa p.2)



50 magsasakang-maggagatas nagsanay sa pagtatanim, pangangalaga, at produksyon ng pakain sa kalabaw

Ni Ma. Cecilia C. Irang



Isa sa mga paksang tinalakay sa onsite training ay ang kahalagahan ng wastong pangangalaga ng magandang uri ng pakaing damo sa kalabaw. (Larawang kuha ni Ivan Carl dela Rosa)

Isa sa mga mahahalagang salik para sa pagkakaroon ng mahuhusay na gatasang kalabaw na siya namang magpapalago sa industriya ng paggagatasan ay ang ukol sa wastong pagtatanim, pamamahala at produksyon ng mga magagandang uri ng pakaing damo (*improved forage*).

Sa lohikang ito umikot ang ginanap na dalawang pagsasanay kamakailan ukol sa “On-Site Training on Feeding Management and Improved Forage Production and Conservation” na dinaluhan ng mga magsasakang-maggagatas ng mga bagong kooperatiba sa paggagatas sa

Bongabon at Gapan, Nueva Ecija.

Unang isinagawa ang pagsasanay para sa 20 kalahok na miyembro ng Bongabon Dairy Cooperative noong Setyembre 14 sa Bongabon, Nueva Ecija.

Noong Oktubre 11 naman ginanap ang pagsasanay para sa 30 kalahok mula sa Gabay sa Bagong Pag-asa ng Bungo Gapan Association na ginanap sa Barangay Bungo, Gapan, Nueva Ecija.

“Sa lugar mismo ng mga magsasakang-maggagatas namin isinagawa ang pagsasanay para makita kung ano ang nararapat na damong

(Sundan sa p.2)

50 magsasakang-maggagatas...

(mula sa p.1)



Ang mga kalahok na miyembro ng Bagong Pag-asa ng Bungo Gapan Association habang aktwal na isinasagawa ang urea-treated rice straws. (Larawang kuha ni Ivan Carl dela Rosa)



Ang mga kalahok na miyembro ng Bongabon Dairy Cooperative habang inihahanda ang damong gagamitin sa pagbuburo. (Larawang kuha ni Ivan Carl dela Rosa)

itanim sa lugar nila at masuri natin kung ano na ang mga klaseng damo na mayroon silang tanim,” ani Dr. Cyril Baltazar, Farm Superintendent II ng PCC.

Layunin ng pagsasanay na mahasa ang mga magsasakang-maggagatas sa mga teknolohiya sa

pangangalaga at pamamahala ng mga magagandang uri ng pakaing damo sa kalabaw.

Nilalayan din nito na masanay ang mga kalahok sa wastong paraan ng pagpapakain sa mga hayop upang mapagbuti ang pagiging produktibo nito at mapataas

naman ang kakayahan ng mga magsasakang-maggagatas na higit na kumita sa kanilang gawain.

“Sa pamamagitan ng pagsasanay, natulungan ang mga kalahok na magsasakang-maggagatas na magabayan sila sa kanilang mga gawain ukol sa pagtanim at wastong pangangalaga sa mga damong pakain nila sa kanilang kalabaw,” wika ni Dr. Baltazar.

Ang pagsasanay ay kinapalooban ng mga talakayan tungkol sa mga paksang: “Importance of Homegrown Production of Improved Grasses and Legumes”; “Nutritive Value and Cultural Management Practices of Different Grasses and Legume Production”; at “Forage Conservation Practices”.

Nagkaroon din ng mga aktwal na demonstrasyon sa wastong pagtanim ng buto ng damo at wastong pagpuputol ng *planting materials* at aktwal na pagkolekta ng damong pakain.

Hinati sa dalawang grupo ang mga kalahok para aktwal na magkolekta ng mga pakain sa kalabaw.

Ang unang grupo ay naatasang mangolekta ng 50 kilogramo ng pinabuting uri ng pakaing damo sa kanilang sariling taniman samantalang ang pangalawang grupo naman ay naatasang humanap at sakatihin ang 50kg uri ng damo sa iba’t-ibang lugar sa bukid.

“Ipinagawa namin sa kanila ang mga ‘yon para makita nila ang kaibhan kung gaano katagal ang oras na nagugugol nila sa pagsasakate nila kung saan-saan ng pakain kumpara sa kung mayroon na silang sariling taniman ng pakain sa kanilang mga alagang kalabaw,” paliwanag ni Dr. Baltazar.

Sumailalim din sa aktwal na paggawa ng burong damo at *urea-treated rice straws* ang mga kalahok. Ilan lamang ito sa mga karaniwang teknolohiyang minarapat na kanilang matutunan para sa pag-iimbak ng pakain sa mga alagang kalabaw.

Pagkatapos ng pagsasanay, binigyan ang mga kalahok ng magagandang uri ng damo at buto ng legumbre para magamit na panimula sa kani-kanilang lugar ng taniman.

Dalawa pang grupo ng magsasakang-maggagatas mula sa bayan ng San Antonio at San Leonardo, Nueva Ecija ang nakatakda ring sumailalim sa katulad na pagsasanay na gaganapin sa Nobyembre ng taong ito. ●

Pambansang komperensiya...

(mula sa p.1)

pagkakalabawan at mga kalabaw naangat ang produksyon ng gatas sa iba. Sila ang magsisilbing patotoo na tunay ngang may tagumpay sa pagkakalabawan,” ani Padre.

Ibantog sa unang araw ng komperensiya, na tinakdaang “Kalabawan Juan O’ Juan (101)”, ang mga pinagbuting gawain sa nutrisyon, pagpapakain, pag-aalaga ng kalabaw sa pamamagitan ng mga naaangkop na teknolohiya, at mga kaukulang hakbang para maiwasan ang paglala ng sakit ng kalabaw.

Kasama ring itatampok ang *Infographic video* tungkol sa “Gintong Kalabaw Cup” at paggagawad ng mga parangal tulad ng “Natatanging Gatasang Kalabaw”, “Huwarang Juan/Juana”, “Huwarang Samahan ni Juan”, at “Huwarang Kabataang Juan”.

Itatampok din ang mga eksibit ng mga *supplier* na sangkot sa pagkakalabawan at sabayang pagpirma ng mga kalahok ng kanilang suporta sa industriya ng pagkakalabawan.

Sa kasunod na araw naman ay idaraos ang talakayan ukol sa *Production Loan Easy Access (PLEA) Program, Milk Testing and Proper Milk Handling*, at *Feed processing/ Baling o Chopping*. ●

Mga nanalo...

(mula sa p.4)

mga sangay ng PCC sa rehiyon o *dairy cooperative/association* ng hanggang tatlong kandidatong kalabaw sa bawat kategorya batay sa panuntunan ng paligsahan.

Ang mga gagawaran ng parangal ngayong taon ay siyang mga ipinasok na mga kandidatong kalabaw mula a-uno hanggang sa katapusan ng Abril ngayong taong ito. Isinagawa ang paghuhusga sa mga inilalok na kalabaw mula ng nakaraang Mayo 1 hanggang Hunyo 30.

Para naman sa pamantayan sa ginamit na pagtatasa sa senior at junior cow, ganito naman ang pagmamarka: 40% ang kaukulang puntos para sa tala ng dami ng produksyon ng gatas; 50% para sa type trait/conformation, at 10% para sa body condition/dairy character/temperament.

May inilaan ding kaukulang gantimpalang salapi sa mga nagwagi sa paligsahan. ●

'Milk feeding program' inilunsad sa bayan ng Nampicuan, N. Ecija

Ni Micko Roa Dela Cruz



Kaisa ang mga guro ng mga batang mag-aaral sa Nampicuan sa *Milk Feeding Program* na inilunsad kamakailan.

Sa araw-araw, simula noong Setyembre 11, 118 mga bata sa Nampicuan, Nueva Ecija ang pinagkakalooban ng libreng gatas ng kalabaw na kanilang maiinom.

Tatagal ng 120 araw, inilunsad ang *Milk Feeding Program* sa Nampicuan na pinondohan ng lokal na pamahalaan ng nasabing bayan. Katuwang sa programa ang mga guro ng batang pawang nagsisipag-aral.

Layunin ng programa na maitaas ang antas ng kalusugan ng mga benepisyaryo.

Ang mga benepisyaryo sa proyektong ito ay ang mga batang nasa edad na anim hanggang walong taong gulang na may mabababang timbang. Inilalaan sa kanila sa araw-araw ang tig-iisang pakete ng *flavored milk* na may timbang na 100 miligramo (ml).

Ang naatasan sa pagkakaloob ng masustansiya at may kalidad na gatas ng kalabaw ay ang Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) sa San Ricardo, Talavera.

Sa isang programang isinagawa sa paglulunsad ng programang ito, dumalo ang mga magulang ng mga benepisyaryo upang malaman ang benepisyano nito sa kanilang mga anak.

Tinalakay sa nasabing programa, sa isang malayang talakayan, ang paksa ukol sa tamang nutrisyon na maidudulot ng gatas ng kalabaw sa katawan ng mga napiling benepisyaryo.

Lubos ding ipinaunawa sa mga nagsidalo sa programa, kabilang na ang pamunuan ng bayan, kung bakit dapat na isagawa at itaguyod ang ganitong klaseng programa. ●

Mga Dapat Malaman tungkol sa *Calf Scours*

Ni Clarissa A. Odsique



Larawan ng bulo na may *calf scours*.

Ang *neonatal calf scours* o pagtatae sa bulo ay isa sa mga pangunahing sakit na nakaaapekto sa mga bagong panganak o mga batang bulo. Ito ay nagdudulot ng *dehydration* o pagbaba ng tubig sa katawan ng hayop (karaniwang makikitang lumulubog ang mga mata at tuyo ang ilong), panghihina ng katawan, pagpayat, pagiging bansot, o/at kamatayan kung hindi maaagapan.

Ilan sa mga dahilan ng pagkakaroon ng *calf scours* ay maaaring sanhi ng hindi wastong nutrisyon, hindi sapat na nainom na *colostrum* o unang gatas mula sa ina, hindi malinis na mga lagayan na ginagamit sa pagkain o painuman, pabagu-bagong panahon, pagkakaroon ng bulate, o/at impeksyon gawa ng *bacteria* (*Escherichia coli*, *Salmonella* sp.), *virus* (*rotavirus*, *coronavirus*), o *protozoa* (*Eimeria* sp., *Cryptosporidium* sp.)

Anong maaaring gawin upang maiwasan ang pagkakaroon ng *calf scours*?

- Tiyakin na malinis ang pinagmulan ng pinapainom na tubig;

- Tiyakin din na malinis ang mga kulungan gayundin ang mga ginagamit na lagayan ng pagkain tulad ng timba;

- Tiyakin na wastong dami ng *colostrum* ay maibigay sa unang labindalawang oras (12 hours) ng bulo;

Ano naman ang maaaring gawin kung sakaling mayroon nang *calf scours*?

- Magpurga gamit ang mga dewormer tulad ng *albendazole* at *ivermectin* kung ang sanhi ay gawa ng pagkakaroon ng bulate;

- Magbigay ng *anti-coccidial* na gamot tulad ng *toltrazuril* kung ang sanhi ay gawa ng *protozoa*;

- Pagbibigay ng *electrolytes*, *dextrose* at *vitamin B-complex* upang mapalitan ang mga nawalang mineral at bitamina. ●

Mga nanalo sa ‘Gintong Kalabaw Cup’, ‘Silver Platter Award’ ihahayag sa National Carabao Conference sa Nobyembre 27

Ni Ma. Cecilia C. Irang



Nakatakdang ihayag sa Nobyembre 27, na siyang unang araw ng gaganaping National Carabao Conference ngayong taong ito, ang mga nagwaging gatasang kalabaw sa patimpalak na “Gintong Kalabaw Cup”, at “Silver Platter Award” ng PCC.

Ang “Gintong Kalabaw Cup” ay ang pagsisiyasat at pagpili ng natatanging gatasang kalabaw na nasa pangangalaga ng mga kooperatiba o asosasyong inaasistehan ng PCC. Marso ng taong ito inilunsad ang paligsahang ito.

Ayon kay Dr. Ester Flores, *national genetic improvement program coordinator* ng PCC at siya ring punong-abala sa paligsahang ito, ang paggagawad ng parangal ay para sa dalawang kategorya: “Gintong

Kalabaw Cup” para sa magwawaging *senior cow* at “Silver Platter” *award* para sa *junior cow*.

Sinabi niya na ang mga kwalipikasyon para sa dalawang kategorya ay gaya ng mga sumusunod:

1. Senior Cow

a. **Edad**- Dapat ay hindi bababa sa apat na taong gulang ang kalabaw sa panahon ng paglahok sa paligsahan

b. **Panganganak (Parity)**- Nagkaroon ng dalawa o higit pang panganganak

c. **Kumpletong Tala** - May kumpletong tala ng produksyon ng gatas at panganganak

d. **Presensiya ng Kalabaw** - dapat ay *available* o maihaharap ang kalabaw sa oras ng paghuhusga o *judging*.

2. Junior Cow

a. **Edad**- dapat ay mas mababa sa apat na taong gulang ang kalabaw sa panahon ng paglahok

b. **Panganganak (Parity)**- naka-isang panganganak

c. **Kumpletong Tala** -May kumpletong tala ng produksyon ng gatas at panganganak

d. **Presensiya ng Kalabaw** - Dapat na *available* o maihaharap ang kalabaw sa panahon ng paghuhusga o *judging*.

Para naman sa panuntunan ng paligsahan, ipinaliwanag ni Dr. Flores na ang “Gintong Kalabaw Cup”, o ang tropeo na igagawad sa mga nagwagi ay iuuwi at mananatili sa tagapag-alagang maggagatas o kooperatiba sa loob ng isang taon.

Ang nagwaging kalabaw ay

maaaring ilabang muli sa susunod na taon para depensahan kung karapat-dapat pang manatili ang tropeo sa pag-iingat ng tagapag-alaga o ng kooperatiba ng nagwaging kalabaw. Kung sakali namang ibang kalabaw ang magwagi, ang “Gintong Kalabaw Cup” at “Silver Platter Award” ay isasalin at iuuwi naman ng mga bagong nagwagi sa paligsahan.

Dagdag pa niya, ang mga kooperatiba ay siyang magpapasok ng mga kandidatong kalabaw sa paligsahang ito para sa kaukulang pagtatasa. Bibisitahin ng mga hurado ang nominadong kalabaw na nasa tagapag-alagang maggagatas para mapuntusan, masuri, at makuha ang mga kinakailangang tala.

Maaaring magnomina ang **(Sundan sa p.2)**

NIZ Balitaan

Inilalathala ng Philippine Carabao Center,
isang ahensiyang nasa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura



Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 ISO 14001 OHSAS 18001

Eric P. Palacpac

Patnugot

Ma. Cecilia C. Irang

Tagapamahalang Patnugot/Layout

Khrizie Evert M. Padre

Katulong na Patnugot

Chrissalyn L. Marcelo

Tagapamahala ng Sirkulasyon

Ma. Cecilia C. Irang

Manunulat

Clarissa A. Odsique

Micko Roa Dela Cruz

Mga Nag-ambag ng Artikulo

Wilma T. del Rosario

Tagapayo

Anselmo S. Roque

Kasangguni

Arnel N. Del Barrio

Pinunong Tagapagpaganap